

**MAIKLING KUWENTO
NANG MAGLIHI
ANG MISIS KO**

NI PAT V. VILLAFUERTE

**KUWENTONG PAMBATA
ANG BATANG MAY
KULAY ANG MUKHA**

NI IMELDA ESTRELLA

**NOBELA
KUNG DUMATING
ANG PAG-IBIG**

NI EFREN ABUEG



P25

**Janine
GUTIERREZ**



I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine

NOBELA

- 6 **Kung Dumating Ang Pag-ibig (17)**
Efren Abueg
- 9 **Paano Maabot Ang Langit (20)**
Neri Jedeliz
- 12 **Higit Na Matibay (9)**
Armando T. Javier

KUWENTO

- 4 **Kasalo Sa Pinggan (2)**
Amado Bravo
- 14 **Nang Maglihi Ang Misis Ko**
Pat V. Villafuerte

KUWENTONG PAMBATA

- 16 **Ang Batang May Kulay Ang Mukha**
Imelda Estrella

LATHALAIN

- 18 **Paano Lilikha Ng Oportunidad?**
Chad Falter
- 19 **Gawin Mong Magaang At Positibo Ang Buhay**
Marilyn C. Arayata
- 20 **Lagi Ka Bang Pagod?**
Lilla Borlongan-Alvarez

KOMIKS

- 27 **Sa Mundong Iyon... (21)**
Perry C. Mangilaya / Donato Santos
- 30 **Enteng Anting (72)**
Armando T. Javier / Rod Lofamia
- 33 **Ako At Ako Lamang (42)**
Elena M. Patron-Delos Angeles / Rico Rival
- 38 **Doro Doro**
William Contreras

TULA

- 40 **Paglisan**
Victoria Carlos

KOLUM

- 21 **Haraya**
Dr. Michael M. Corzoza
- 22 **Agrikultura**
Zac B. Sarian
- 36 **Magluto Tayo**
Mareng Lena
- 36 **Balik-Tanaw Sa Kasaysayan**
Boy A. Silverio

SHOWBIZ

- 24 **Janine At Enchong, Swak Ang Tandem Sa Pelikulang Elise**
Nonie V. Nicasio
- 25 **Greg Hawkins, Game Bumalik Sa It's Showtime**
Maricris V. Nicasio

LIBANGAN

- 37 **Pag-Usapan Natin!**
Kuya Sam
- 37 **Astrolohiya**
Madame Sharona
- 38 **Palaisipan**
Jose Marie Gallego
- 38 **Math Puzzle**
Rosemarie Adaya
- 38 **Magtawanan Tayo!**
Simeon Sorrosa



Lagi ka bang pagod?

Ni LILIA BORLONGAN-ALVAREZ

MAS maraming tao ngayon ang nagrereklamo na sila'y pagod o "fatigued" kaysa noong araw na ang dayami'y hinahakot ng kamay at pinapala, at ang mga damit ay nilalabhan sa pagkukusot o paghagod sa isang piraso ng kahoy na may mga "ngipin."

Sa panahong kay raming mga milenyal ang nagsesabing pagod sila sa kanilang trabaho sa *night shift* gaya ng mga nars sa mga ospital, palaisipan ang labis na kapaguran ng mga empleyado sapagkat madali nang bilhin ang lahat ng mga kasangkapan nagpapagaan sa mga araw-araw rating gawain sa bahay tulad ng *washing machine, dryer, floor polisher* at *vacuum cleaner*. So halip na makinilya, nariryan ang mga *computer, calculator, printer, laptop, cellphone, tablet, ipad* at *smartphone* na pawang nagpapagaan sa trabaho natin sa opisina at pakikipag-uisap sa iba.

Ayon sa artikulong "Why are so many people so tired?" ni Jane E. Brody para sa *Reader's Digest*, may tatlong katagorya ng kapaguran:

Psikal. Ito'y bunga ng "inabusong" mga miselas kung saan naitipan sa duha ang *carbon dioxide* at *lactic acid* na siyang nakapanghahina ng katawan. Ngunit may uri ng pagod na nakapanghahina ng katawan, Ngunit may uri ng pagod na nakapanghahina tulad halimbawa ng paglaro ng tennis o pag-akyat sa isang burol. Ang solusyon: magpahinga lamang. "Ngunit ang kapaguran nararanasan ng mga tao ngayon'y bunga ng kawalan ng pagkilos o pag-ebersisyo," ani Brody.

Pathological. Ang uri ng pagod na ito'y isang babala o bunga ng isang sakit sa katawan - maaaring ito'y simpleng sipon, o isang malubhang sakit gaya ng diabetes o kanser. Wika

ni Brody: sinumang nanghahina o nakazarandam ng pagod sa loob ng maraming linggo ay katilagan nang magpatigting sa duktor.

Psychological. Ang matagalang pagkapsal o *chronic fatigue*, ani Brody, ay resulta rin ng mga sultraring emosyonal, lalo na ng *depression* o pagkabalisa o kawalan ng kapantayagan ng loob (*anxiety*). "Mamamalas ito bilang isang *defense mechanism* na tila pag-iwas sa tunay na dahilan ng inyong *depression* na maaaring magmula, halimbawa, sa pagkalamit niyong sa inyong trabaho. Maaari ring ito'y resulta ng kimkimkim niyong sama ng loob dahil sa hindi maayos ang pagpapasa niyong ng inyong asawa," ayon sa Brody.

Sinipi ni Brody ang sirabi ni Dr. John Bulete, isang *psychiatrist*, maraming taong labis ang pagod ang hindi nakakaalam na sila'y *depressed*. Ang isang halimbawa nito'y tinatawag na *lived-beside myself syndrome*.


Kasama rito ang mga batang itang hindi makaugaga sa pag-aaruga ng malilit na anak at sa "walang katapusang" gawain sa bahay. "Pagdating sa gabi, wala silang makausap na matinong tao - kasama ni ang asawang pagod na pag-uwi sa bahay. Maaaring sumana ang loob ng babae o maginggit si asawa na may sariling trabaho o maging *guilty*," ani Bulete.

Maaaring magmula ang *lived-beside myself syndrome* sa hindi mabalanseng responsibilidad sa trabaho at sa bahay. May *guilt* na kaakibat sa tuwing papasok siya sa trabaho at itaon ang malilit niyang anak sa bahay, wika ni Bulete.

Matulog nang maaga. Kung kayo'y pagod dahil tulog sa kayo sa tulog, simple lang ang solusyon: agahan ang kulang sa gabi.

Kilalang magi ang sarili. Gawin ang pinakamahirap o pinakamabibigay na gawain sa mga oras na mataas ang inyong enerhiya.

"Madaling napapagod ang mga 'morning people' pagdating ng bandang hapon, samantalang ang iba'y mas nakakatrabaho sa gabi. Hirwang ding sagarin o abusuhin ang katawan - halimbawa, labis na pagtatrabaho o "overtime" para magbigay ng *premium* sa kompanyang pinapasukan, o magpresentsang gawin ang maraming bagay para makiusap ang *approval* o *affirmation* ng ibang tao," ang payo ni Brody.

Magpahinga sa tuwi-tuwina sa kabila ng maraming pinagkakaabalahan. Kahit na gaamong interesante o kahalaga ang anumang trabaho o gawain, mabalagang "mag-brev" sa tuwi-tuwina, o maglakad para makakita ng ibang tanawin. Sa halip na magkapo o kumain ng matamis na *cure* o ensaymada, matutong maglakas o subuking maglakad nang mabilis, ani Brody. 



HARAYA
Ni DR. MICHAEL M. COROZA

Lalong Hindi Biro na Pagsasalin ay Ituro

MINSAN nang may nagsulat na hindi raw biro ang pagsasalin. Totoo naman. Stunang dumaan na sa proseso ng pagsasalin ay makapagpapantay na sadyang hindi biro ang gawain na. Hindi kakayahon lamang na magbasa at magalita sa simula ng lengguwabe at tunguhang lengguwabe, ang kahirang sa pagsasalin. Uulitin ko, hindi sapat ang kakayahon lamang sa kumbersasyonal na pagtutal ng wika.

Higit sa lahat, ang tagasalin ay dalubhasa sa panaanaliksik at pagkamalikhain sa lengguwabe, lalo na sa tunguhang lengguwabe. Nangangahulugan, hindi lamang niya nababasa o nasasalita ang tunguhang lengguwabe. May ahidlad dapat siyang makapagpahayag dito nang lampas sa antas kumbersasyonal. Kaugray nito, dapat na malay at babid siya sa iba't ibang rebistro ng wikang ito. Kasagray rin nito, dapat na lampas sa ngangayumin o kontemporanse o simpleng uso ang kaniyang bokabularyo. May mamang bokabularyo dapat siya na bunga ng kaniyang magbabasa na pagbabasa ng iba't ibang uri ng teksto na orihinal na maikla sa tunguhang lengguwabe mula sa pinakamalayang maabot sa kasaysayan hanggang sa kasalukuyan. Bukod sa marami siyang iba't ibang diksiyonaryo, repensiya niya ang mga panlipunan at pangkulturalang karanasan, personal mang dinanas o nantingyan kung saari, sa pag-aapuhap ng mga pantambas o pantapag hindi lamang sa mga solita o paritala kundi sa mga konsepto ng ibatawid mula sa simula ng teksto papunta sa tunguhang teksto.

Gayundin naman, kallangan may mataas na kasaysayan sa simula ng lengguwabe ang tagasalin. Hindi man niya nasasalita o wala man siyang kumbersasyonal na ahidlad dito, ang mahalaga ay nagagawa niyang makapanaliksik tungkol dito. Hindi garantiya na mahusay na makapagsasalin sa isang tunguhang lengguwabe ang isang may kumbersasyonal na kakayahon sa simula ng lengguwabe, lalo na kung ang higit lamang niyang alam ay ang simula ng lengguwabe. Mahihirapan siyang lumikha ng tunguhang teksto na katapat o katumbas ng simula ng teksto kung mababa ang kakayahon niya sa tunguhang lengguwabe. Ang isang teklong isinasalin, lalo na kung bahag o may importansiyang pangkasaysayan, pangkultura o panlipunan, ay napag-aralan na nang husto. Samaakatwid, marami nang nagging paliwanag tungkol dito, at ang mga paliwanag na ito ang isang magingag magisilbing repensiya ng tagasalin.

Sa kabilang dako, walang ibang masasagumi ang tagasalang mababa ang kasaysayan sa tunguhang lengguwabe kundi ang diksiyonaryo. Al, hindi lagi ng kompleto o sapat ang nakalimbag na diksiyonaryo. Kailanganin pa niyang sumangguni o magtanong sa mga eksperto sa tunguhang lengguwabe, na magisilbing "human dictionary" para sa kaniya dahil kapos ang kaniyang bokabularyo sa lengguwabang ito. Dahil nga sa ganitong realidad, naglabas ang American Council of Learned Societies noong 2006 ng malinaw na pantuntunan tungkol sa kung sino ba ang tagasalin: "A translator is one whose native or dominant language is the target language, who has attained a high degree of mastery of the source language, and who has undergone professional training in the techniques of translation" (Ang tagasalin ay sinumang ang tunguhang lengguwabe ang katutubo o dominanteng lengguwabe, nagkamit ng mataas na kasaysayan sa simula ng lengguwabe, at sumailalim sa propesyonal na pag-aaralan sa mga pamamaraan ng pagsasalin).

Mahirap palang talaga ang pagtuturo ng pagsasalin. O, sa higit na espesipikong paraan, mahirap lumuring ng mga tagasalin. Hindi makukuha sa isang semestre lamang o kahit isang taon pa ang sapat na kasaysayan para mahusay na makapagsalin. Ang puwedeng magbigay sa mga paaralan, sa *senior high school* man o sa kolehiyo, ay mga panimulang kurso lamang - isang introdiksiyon. Kayal ang tanong ng mga naatasang magturo ng ganitong asignatura ay kung ano ang dapat nilang ituro o kung ano ang

dapat nilang pagtuonang-para sa kanilang mga klase. Dapat daw bang maghahad sila sa kasaysayan? Sa teorya? Sa kritisismo? O, sa aktuwal na pagsasalin mismo?

Mga tanong din ang tagon ko. Ano ba ang gusto niyong mangyari sa mga estudyante niyo? Kung kasaysayan ang pagtuonang-para, gusto ba niyong maging eksperto sila sa kasaysayan ng pagsasalin? Palilikhan ba niyong sila ng mga panaanaliksik tungkol sa pagsasalin sa Filipinas? Kung teorya naman, gusto ba niyong mangalap sila ng mga empirikong datos na may kinalaman o ukol sa pagsasalin upang mapaghuangan nila pagkatapos ng teorya ng pagsasalin? Kung kritisismo, gusto ba niyong magkritika ang inyong mga mag-aaral ng mga akdang naisalin na? Kung aktuwal na pagsasalin ang pagtuonang-para, gusto ba niyong silang maging tagapagsalin?

Kung isaalang-alang ang limitado o napakaikiling panahon ng pagtuturo sa klase - may apat na markahan lamang na katumbas ng apatnapung linggo sa isang taon sa *high school* at may hawit labelling o labing-anim na linggo lamang sa isang semestre sa kolehiyo - sa aling paksa o gawain dapat guguhin ang mga oras? Ito ang umang dapat pagpapasyahan ng sinumang magtuturo ng pagsasalin. Kung Araling Salin ang ibig pag-ukulan ng paraan, kasaysayan at teorya ang pinakadapat pag-aralan. Ngunit, kung ang resultang hinahagap ay maging tagapagsalin ang mga estudyante, mahigit sa walumpung bahagdan ng buong panahon ng klase ang dapat malituan sa aktuwal na pagsasalin. Palitan o *switch* ang pinakamabisang paraan sa paglaman ng mga tagasalin. Sobihin pa, nagagabayang ng teorya ang anumang palitan. Nagtatukda ang mga teorya ng maliliwanaw na pamantayan sa pagpapasya sa pagsasalin. May teorya sa likod ng anumang pagpapasya. May teorya rin sa likod ng pagkilos o pagpapasa sa mga tunguhang teksto. Paalala nga na *Chantal Wright* bangali dito, mula sa kaniyang aklat na *Literary Translation* (2016).

Since theory of any activity arises from observation of practice or a segment of perceived reality, theory is, by nature, descriptive rather than prescriptive. In other words, it offers an account of how something appears to operate, but it does not tell us how something should be done, although it can certainly influence how things are done.

[Dahil ang teorya sa anumang aktibidad ay bunga ng obserbasyon sa praktika o isang bahagi ng nakikitang realidad], kailanas ng teorya ang pagiging mapaglarawan sa halip na mapagtakda. Sa ibang salita, naglalabid ito kung paano gumagana ang isang bagay, ngunit hindi ito nagsasabi kung paano ito dapat pagamihin, bagaman makaiimpluwensiya ito sa kung papaano mapagaganang ang mga bagay.]

Since theories are based on observation and experience of phenomena, they are partial and subject to refinement as further observation and experience of new phenomena highlight their strengths and weaknesses. In other words, theory is a 'creatively constructed (and shifting) view of practice.' Practice can become less intuitive and more considered, less in itself to conventional and more open to innovation, if it is informed by a theoretical understanding of what is taking place.

[Dahil batay ang mga teorya sa obserbasyon at pagdanas ng penomena, parsiyal at mapipano pa ang mga ito batay sa mapalakingitang lakas at kahinaan ng mga ito ng mga ibayo pang obserbasyon at pagdanas ng bagong penomena. Sa ibang salita, ang teorya ay pagtanaw sa praktika na maharapang raboo (at nagbabago). Kapag mayroon nang bereitong pagkaunawa sa kung ano ang nangyayari, ang praktika ay higit na magiging pinag-iisipan sa halip na pakapaki-kapaki lang, hindi na mayadong ayyen lamang sa kumbersasyon at sa halip ay higit na magiging lukas sa inobusyasyon.]

Batay rito, malinaw kung ano ang dapat na maging oryentasyon ng isang klase tungkol sa introdiksiyon sa pagsasalin. Kung ibig nating maging tagapagsalin ang ating mga mag-aaral, na isang praktikal na bagay para sa kanila dahil puwedeng maging hanapuhay nila sa binaharap, palihang nagagabayang ng teorya ang dapat nating gawin sa klase.

(Hutuloy sa susunod na labas)



Mga larawang mula sa Google

Janine at Enchong, swak ang tandem sa pelikulang Elise

NI NONIE V. NICASIO

MAPANOOD ang Kapuso actress na si Janine Gutierrez at ang Kapamilya actor na si Enchong Dee sa pelikulang *Elise*, isang *true-to-life* comedy drama na siyang opening salao ng Royal Entertainment para sa 2019.

Ang pelikula ay ukol sa paghahanap sa *seoulmate* at ng layunin sa buhay. Ayon sa direktor nitong si Joel Ferrer, ang pelikulang ito ay isang biopic romantic comedy na naglalarawan ng mga kaganapan sa buhay ni Bert (Enchong), na isang *quick-witted* ngunit *sicily emotional* at *independent guy* na nagmahal kay Elise (Janine), na isa namang malakan, matatag, at *independent* na babae.

Sa parte naman ni Janine, nabanggit niyang masaya siyang muling makatrabaho sa Enchong.

"Sobrang happy ako always to work with Enchong, kasi nagkatrabaho na kami dati. Pero ang ginawa ramin before ay horror na madugo. So this time ay love story siya and I think lahat ng tao talaga ay makaka-relate kasi tungkol siya sa *first love*. And lahat naman ng tao ay may *first love* at sinasabing kapag *first love*, hindi mo malilimutan, di ba?" saad ng aktres.

Unang nagkasama sina Janine at Enchong sa *horror movie* na *Lila* noong 2016.

Bukod sa masaya ang naging pagtatrabaho nila ng aktor, nabanggit ni Janine na kahit sa labas ng *showbiz* ay kakilala na niya talaga si Enchong. At dahil nga nakatrabaho na niya ito noon, wala na sa kamila ang ilangin at wala na ang *newbie* na kailangan pa nilang magkapapan para mas maging maayos at madali ang kamilang trabaho.

Dagdag pa ng anak ni Lotlot de Leon, "Elise is a *lifelong* love story about these people na parang *their whole lives* parang *rag-i-interfere* ang mga buhay nila. Ang tanong ay magkakatuluyan ba ang *first love* nila o hindi?"

Sa partig naman ni Enchong, sinabi niya kung bakit dapat panoorin ng publiko ang kamilang pelikula.

"Nangyari siya sa tunay na buhay. It's a biopic. Ang hirap kasi minsan tatatungin ng tao, 'Possible ba 'to? Nangyari ba talaga ito?' The fact that it's a love story na *coming from a person* na specially close to Direk, I think iyon 'yung part na maganda kasi may pinagkukuhanan kami ng tunay na kuwento."

Sa kabilang banda, very vocal naman si Enchong sa pagsasabing isa ang *leading lady* niya sa *Elise* na si Janine, sa mga hinahangian niyang artista.

"She's a natural actress. Napakagaan niyang katrabaho

at wala kaming ilangin. Iyong level ng *comfort* namin kumpara noong una kaming magtama sa Lila, kakaiba," sambah pa ng 30 year old na aktor.


Samantala, isa pa sa napag-usapan sa *messow* ng naturang pelikula ang *kissing scene* niina Enchong at Janine.

Curious ang marami kung hindi ba nailang si Enchong na ang ka-kissing scene niya ay ang aktres nali-link ngayon sa *best friend* niyang si Rayver Cruz?

Pero ayon naman kay Enchong, "Sinabi ko ito naman sa kanya (Janine). Parang, 'You're kissing a special person of your best friend 'cause I consider him (Rayver) my best friend. I know for a fact that he's very supportive...' hindi naman ako nagpaalam sa kanya, pero nag-usap kami ni Janine tungkol dito."

Idinagdag pa ni Enchong na pareho naman silang *professional* ni Janine kaya wala namang naging problema pati na kay Rayver, dahil malaki naman daw ang tiwala sa kanya ng kaibigan bilang isang tao at bilang isang aktor.

Nabanggit din na Enchong na bukod sa magaan katrabaho sa Janine, walang problema na magkaiba sila ng TV network. "Baka kasi inilip nila, dahil magkaibang network, magkaiba ang *working culture* nila. Pero no, Janine is easy and fun to be with especially off cam."

Ang *Elise* ay mapapanood na sa February 6 at bukod kina Enchong at Janine ay tinatampukan din ang pelikula niina Miko Raval, Jackie Lou Blanco, Philita Corrales, at *introducing* dito sina Victor Anastacio, Mel Espinosa, at Laura Lehmann. 



Greg Hawkins, game bumalik sa It's Showtime

NI MARICRIS VALDEZ-NICASIO

NAGMARKA at nakilala ng madlang pipol si Greg Hawkins sa *It's Showtime* sa Kuya Escort ng Miss Q & A segment nito. Siya ay isang 25 year old na Korean-American na nangangarap magkaroon ng puwang sa mundo ng *showbiz*.

Isang *native* ng Salt Lake City, Utah si Greg ay Political Science graduate sa University of Utah. Siya ay under Viva at maraming pinagkakaabalabang proyekto ngayon.

Si Greg ay napunta sa *manager* niyang si Lito de Guzman sa tulong ng aktres na si Ynez Veracion, na kaibigan ni Greg.

Sa ngayon ay nakagawa na si Greg ng ilang *commercials*, at bahagi ng TV series sa Viva titled *The Legal Mistress* sa Sari Sari Channel via Cignal television. Gumagasp siya rito bilang si Lily, *pitin* and *bestfriend* ni Ali Khatib at tampok din dito sina Meg Imperial at Cindy Miranda.

Nabanggit ni Greg na masaya siya na naging positibo ang kanyang paglabas sa Showtime. "It felt great you know, and it was nice

that... parang I felt na I contributed to the segment's come back in popularity and you know, 'yung chemistry namin was really good."

Mula nang biglang nawala si Greg sa *morning show* ng Kapamilya Network dahil sa *working permit* issue, aminadorang *namiss* na niya ang show. Nang inayos kasi ni Greg ang kanyang *working papers* ay nagkaroon ng *chance* si lon Perez na pumalit kay Greg.

Pero ang sista, naging regular na si lon sa Showtime at si Greg ay hindi na nakabalik kahit na naayos na nito ang *working permit* niya.

Ayon kay Greg, *namiss* niya nang husto ang *staff* ng Showtime dahil sa sobrang kabaitan nila sa kanya. Kabilang din siyempre si Vice sa *namiss* niya.


"Of course, of course, *namiss* ko si Vice, that's given. Whenever you have an



Larawang kuha ni Wilson Fernandez

opportunity to work with big celebrities, big stars, it's always a blessing. But if we're talking about what's in my heart, I really do missed the staff because they were really good people."

Ayon pa kay Greg, sakaling bigyan siya ng *project* sa ABS CBN, *It's Showtime* pa rin daw

ang pipilin niya. "I love Showtime, so if I ever given an opportunity to return to It's Showtime, I would love to return. But I would also like to try maybe horror or comedy... like Home Sweet Home, parang gamoon," nakangiting sambah pa ng tiyay na aktor. 

Higit Na Matibay

(Mula sa pahina 13)

Kinawayan ni Sonny ang kamilang weyter. iminowestra ang mga dati. Lumapit at inabot dito ang kamilang bitf. Napalunok si Sonny nang mahawakan ang papel, tila kinuwentang muli ang minuta ng kamilang naorder.

"Me problema ba?" tanong ni Jorna. Alumpihit si Sonny. "M-Medyo. Kurit." Pinagpapawisan ito, napanasin nila. Nakaafukot na sa *inlet* ng dalawang libong piso at inabot sa weyter.

"Hawakan mo muna 'yan," sabi nito, tumingid. "Magwi-witidman lang ako saglit sa ATM. Dito muna kayo..."

"Sige, sir. Bumatik sa counter ang weyter dala ang dalawang libong piso. Nagmamadaling lumabas ng restoran si Sonny.

Nagkatinginan uli siira Jorna at Jarro.

"Nasobranhan wata tayo sa order," sabi ni Jarro.

"Sabi n'ya, trout n'ya." Nang lumungon sila sa counter, matamang nakatingin din sa kanila ang weyter, binabantayan siguro na bala sumibat din sila. Nag-CR si Jorna, nang bumalik siya, si Jarro raman.

Naging kaintip-inip ang paghihintay nila kay Sonny. "Sa n kaya nag-witidman ang lokong 'yon?"

"Baka sa Novleta pa," sabi ni Jarro. Binalikan sila ng weyter. "Ma'ni, baka gusto n'yong umorder uli ng drinks habang hinihintay n'yong kasama n'yo?"

Umiling sila. "Okay na kami. Thank you."

Nakabang sila nang maluwag nang magbalik si Sonny. Direkto ito sa cashier at binayaran ang kulang sa kamilang bill.

"Tena," sabi nang makabalik sa kamilang mesa.

Tahimik, wala silang kibitan, habang naglalakad pabalik sa buhay nina Jorna.

Nagbigay-galang uli ang magpisan kay Aling Maring nang pagbuknan sila ng pinto.

"Aalis na rin ho kami," sabi ni Jarro.

"Sige."

"Jorna..."

"Salamat, ha?" sabi niya kina Jarro at Sonny. Humakbang na patungog kalsada ang magpisan. "Sa ulitin, ha?" pabalok na sabi ni Jorna kay Sonny.

Nagtaas lamang ng kamay si Sonny, ni hindi naglingon-likod.

(ITUTULUY)

PAGLISAN

Hindi ko namalayan ang iyong pagdating
 minsan isang gabing mahimbing ang aking tulog.
 Nagising ako sa masuyo mong halik sa aking noo
 at marahang mga haplos sa aking buhok.
 Wala akong lakas ng loob na magalit sa iyo
 kahit nangahas kang pumasok sa ating silid.
 Ramdam ko pa rin ang dating init ng iyong mga yakap.
 At sa bawat lapat ng iyong mga halik ay naroon pa rin
 ang aking pananabik at pagpapaubaya.
 Sa bawat panandaliang pagniniig natin
 ay alipin pa rin ako ng iyong pag-ibig.
 Ang iyong mga pagsuyo at paglalambing
 ay sadyang pumapawi sa aking pangungullala.

Sa bawat paglisan mo sa ating tahanan,
 ay umaaasa pa rin ako sa iyong pagbabalik.
 Ang iyong pamamaalam ay pilit kong inuunawa,
 at patuloy na maghihintay sa muli mong pagdalaw.
 Kahit may mga ligalig sa aking isipan,
 sisikapin ko pa ring maging matatag.
 Tanging mga implit na paghikbi ko lamang
 ang saksi sa matamlay nating paghihiwalay.
 Kahit nasasaling mo ang mga pilat
 ng nakaraan sa aking damdamin,
 hindi kita susumbatan at ipagtatabuyan.
 Bukas ang pintuan ng ating tahanan
 at malugod pa rin kitang patutuluyin,
 kahit na paulit-ulit ang iyong paglisan.

- VICTORIA CARLOS

